# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-1 ng Hulyo, 2025

## Mga Resulta ng Espesyal na Pangkalahatang Eleksyon – Kailan Ito Aasahan

Ang pagbibilang ng mga balota ay nangangailangan ng oras, kahit na para sa isang espesyal na eleksyon tulad ng Espesyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Unang Superbisoryal na Distrito.

Kung gayon, ano ang maaari ninyong asahan sa gabi ng eleksyon?

Ang unang pangkat (set) ng hindi-opisyal (unofficial) na resulta sa gabi ng eleksyon ay inaasahang lalabas pagkatapos ng ika-8 ng gabi. Kabilang sa update na ito ang mga balotang pangkoreo na natanggap bago ang Araw ng Eleksyon at ang mga balotang mula sa maagang pagboto sa mga vote center sa pagitan ng Ika-21 ng Hunyo hanggang Ika-30 ng Hunyo.

Upang masubaybayan ang pinakabagong update ng resulta sa gabi ng eleksyon, maaari ninyong bisitahin ang sdvote.com o sundan ang opisina ng Tagapagrehistro sa X (dating Twitter).

Pagkatapos ng unang hindi-opisyal (unofficial) na ulat, ang mga pag-update sa gabi ng eleksyon ay isasama lamang ang mga balota mula sa mga vote center na nabotohan sa mismong Araw ng Eleksyon.

Ang mga balota sa Araw ng Eleksyon ay dumarating pagkatapos magsara ang mga vote center sa ika-8 ng gabi. Magkakaroon ng pagitan sa oras para sa susunod na pangkat (set) ng mga resulta dahil sa mga manggagawa sa botohan na nag-iimpake ng mga kagamitan at bumibiyahe mula sa mga vote center.

Pagkarating sa opisina ng Tagapagrehistro, ang mga balotang mula sa vote center ay i-scan, at ang mga resulta ay ia-update nang pana-panahon hanggang sa mabilang ang lahat ng mga balota mula sa mga vote center.

Ang pinal na hindi-opisyal (unofficial) na mga resulta sa gabi ng eleksyon ay maaaring hindi dumating hanggang sa ika-10 ng gabi o mas huli pa at sasaklawin lamang ang mga balotang maaaring mabilang kaagad.

Ang pagbibilang ng mga balota ay **hindi** nagtatapos sa gabi ng eleksyon.

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-1 ng Hulyo, 2025

Ano pa ang natitirang bibilangin?

- Mga balotang pangkoreo
  - Ito ay mga balotang hinulog sa mga vote center, mga opisyal na ballot drop box, o kinuha mula sa U.S. Postal Service sa Araw ng Eleksyon.
  - Ang mga balotang ipinakoreo bago o sa Ika-1 ng Hulyo ay may pitong araw upang makarating kung nai-postmark sa pagsapit o bago ang Araw ng Eleksyon.
- Mga probisyonal na balota
  - Ang mga taong hindi nakaabot sa deadline ng rehistrasyon noong Ika-16 ng Hunyo ay maaaring magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal hanggang sa, at sa Araw ng Eleksyon.
  - Kapag naiproseso na ang kanilang rehistrasyon ng botante, ang rehistrasyon ng botante ay magiging aktibo at mabibilang ang probisyonal na balota.
  - Hindi matutukoy ng opisina ng Tagapagrehistro kung ilang mga residente ang hindi nakarehistro, ngunit karapat-dapat, ay sasamantalahin ang pagkakataong ito.

Pagkatapos ng gabi ng eleksyon, ang susunod na paglabas ng hindi-opisyal (unofficial) na mga resulta ay nakatakdang ipo-post sa ika-6 ng gabi sa Huwebes, Ika-3 ng Hulyo. Ang mga karagdagang update ay nasa pagpapasya ng Tagapagrehistro ng mga Botante.

Ang mga resulta ng eleksyon ay dapat masertipikahan bago sumapit ang Ika-31 ng Hulyo. Para sa espesyal na eleksyong ito, inaasahan ng Tagapagrehistro na magaganap ang sertipikasyon sa mas maagang petsa, habang sinisigurado na ang bawat legal na boto ay naidagdag sa pagbilang sa pinakamabilis, ngunit sa maingat na pamamaraang mayroon, na nagsisiguro ang katumpakan ng resulta. Ang lahat ng mga pag-update ay ipo-post sa sdvote.com na may pinal na mga sertipikadong resulta na ipo-post sa Ika-31 ng Hulyo.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa Distrito 1 espesyal na pangkalahatang eleksyon sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll-free sa (800) 696-0136.

###